
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 11
Hunyo 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Magkaisa laban sa Anti-Terror Bill! Ibagsak ang rehimeng US-Duterte!

Sa utos ni Rodrigo Duterte at ng kanyang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), niratsada ng mga alipures ng rehimen ang pagsasabatas sa Anti-Terror Bill nitong nagdaang ilang araw. Nakahain na ito para pirmahan ni Duterte.

Sa pamamagitan ng Anti-Terror Bill, magiging ganap na ang batas militar ni Duterte, kahit hindi ito pormal na dinedeklara. Ilalagay nito sa kanyang kamay ang malawak na kapangyarihan para isailalim sa pagmamanman, arestuhin at matagalang ikulong ang sinumang tukuyin niyang "terorista."

Lalong palalakasin ng panukalang ito ang pagsupil sa mga organisasyon at indibidwal na matagal nang pinag-iinitan ni Duterte at ng AFP na "CPP/NPA supporter" dahil sa walang-sawa nilang paglantad, pagbatikos at paglaban sa korapsyon, pasismo at pagkapapet sa mga dayuhan, at dahil sa kanilang pagtatanggol sa demokratikong interes ng bayan. Pinakabulnerable sa batas na ito ang masang manggagawa at maralita, at ang masang magsasaka, mga Lumad at Moro na pinakamalimit dumanas ng pang-aabuso ng kapangyarihan ng mga sundalo at pulis.

Suklam na suklam ang taumbayan kung papaanong inapakan ng mga alipures ni Duterte ang mga proseso sa kongreso upang madaliang ipasa ang Anti-Terror Bill na hindi na nirerepaso at inaamyendahan. Sukang-suka sila na inuna pa niya ito at binalewala ang mga panawagan ng bayan para sa libreng *mass testing* at iba pang hakbanging medikal sa harap ng pandemyang Covid-19.

Ang Anti-Terror Bill ay ipinamadali ni Duterte at ng kanyang hunta na binubuo ni Delfin Lorenzana, Eduardo Año at Hermogenes Esperon, pawang mga dating upisyal militar at mga utusan ng imperyalismong US. Layunin nilang konsolidahin ang pasistang paghahari sa harap ng malawakang gutom, paghihirap at kumukulong galit ng sambayanan sa militarista at palyadong pagharap ng rehimeng Duterte sa Covid-19. Nais ni Duterte ng karagdagang mga kapangyarihang batas militar upang sindakin at patahimikin ang bayan pero takot siyang tahasan itong ideklara sa pangambang pasisiklabin nito ang ibayong galit at protesta.

Ang pagmamadaling isabatas ang Anti-Terror Bill ay bahagi rin ng pakikipagtawaran sa gubyernong US, kapalit ng kasunduan para makabili si Duterte at ang AFP ng bagong mga helikopter, mga kanyon, *rocket*, misayl at iba pang mga sandata.

Kaakibat din nito ang pagsuspinde nitong Hunyo 2 ng pagbabasura sa Visiting Forces Agreement alinsunod sa rekomendasyon ng kanyang mga upisyal militar para bigyang daan ang pagpasok ng mga barko at sundalong Amerikano sa Pilipinas, bilang bahagi ng patuloy na pagsuporta ng US sa brutal na kontra-insurhensya at gerang panunupil ng AFP.

Sa mga nagdaang taon, baha-bahagi nang inilatag ni Duterte ang rehimeng batas militar sa pamamagitan ng 950-araw na batas militar sa Mindanao, Memorandum Order 32, Executive Order 70 na nagtayo sa NTF-ELCAC, at kamakailan, ang pagangkin ng tinaguriang "emergency powers" laban diumano sa Covid-19.

Nais niyang kaagad na maisabatas ang Anti-Terror Bill upang tuluyang pagtibayin ang pasistang kaayusan na matagumpay niyang naipataw sa pamamagitan ng militaristang *lockdown* sa Covid-19 at palawigin sa ilalim ng "bagong normal" ang mga tsekpoynt, paghihigpit at pagkontrol sa populasyon. Ginagawa ito sa tabing ng pagpigil sa pandemya pero katunaya'y nagsisilbi sa pagpapalakas ng militaristang paghahari at pagsulong ng iskema para itatag ang pasistang diktadura.

Nilalaman ng Anti-Terror Bill ang sadyang malalabo at lubhang masaklaw na pagpapakahulugan sa "terorismo" at "pagsuporta sa terorismo" upang magsilbing malawak na lambat para iarya sa sambayanang Pilipino at sa kanilang mga demokratikong pwersa. Binibigyan nito ng kapangyarihan ang militar at pulis na ikulong nang 14-24 araw ang sinumang isakdal nilang "terorista" kahit walang mandamyento at walang kaso, taliwas sa saligang karapatan sa *writ of habeas corpus*. Malala pa, inalis nito ang anumang pananagutan ng militar o pulis na tiyak na magreresulta sa ibayo pang pag-abuso sa kapangyarihan.

Sa nagdaang mga taon, kaliwa't kanan ang pagparatang ng AFP at PNP sa mga organisasyon, kritiko at personahe bilang mga "communist front" o sumusuporta o naka-ugnay sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Sila ay mga panatikong anti-komunista na pula ang tingin sa sinumang makita nilang naninindigang magtanggol sa interes, kapakanan at karapatan ng mga inaapi at pinagsasamantalahan. Pasasahulin ito ng ipinasang panukala.

Ginagamit ni Duterte ang "antiterorismo" para lokohin at ipatanggap sa mamamayan ang mga mapanupil na batas na sisikil sa kanilang saligang mga karapatan. Sa nagdaang mga taon, pinalalabas ng mga pasista na ang mga komunista, rebolusyonaryo at maging ang mga aktibista ay mga terorista, samantalang ang mga komunista, tulad ng lahat ng naninindigan para sa demokrasya, ay kabilang sa pinakamilitanteng kalaban ng paggamit sa terorismo para sindakin at takutin ang mamamayan.

Sa aktwal, ang pinakamalaking terorista ngayon sa Pilipinas ay walang iba kundi si Duterte mismo na nag-utos ng pagpatay sa ilampung libo sa pekeng *drug war* at nag-utos ng pagwasak sa Marawi City. Siya ang nag-utos sa pulis at militar na isagawa ang mga reyd sa mga baryo at pagmasaker sa mga magsasaka. Siya rin ang nag-utos sa malawakang pang-aaresto, okupasyon ng mga barangay, paggamit ng mga helikopter para sa teroristang pambobomba at iba pang pasistang krimen.

Hawak ang absolutong kapangyarihan, asahan na kay Duterte ang mas malala pang mga anyo ng korapsyon, ganap na pagsuko ng soberanya sa imperyalismong US at China, paglubog ng bansa sa utang, pagpataw ng dagdag na buwis, pagpako sa sahod, pagpabor sa dayong mga kapitalista, pagwaldas ng pondo para ipambili ng mga *fighter jet,* helikopter at mga bomba, at pagpataw na mas malalala pang patakarang neoliberal na ibayong magpapahirap sa sambayanang Pilipino.

Apoy ng malawak na galit ng sambayanan ang sinindihan ni Duterte sa pagtulak nito ng Anti-Terror Bill sa gitna ng pandemyang Covid-19. Ang pasismo at korapsyon ng rehimen sa nagdaang mga buwan—mula sa hindi pangkalusu-

*"Magkaisa...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 11 | Hunyo 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**instagram.com/prwcnewsroom**

**@prwc_info**

**cppinformationbureau@gmail.com**

## Nilalaman

**Editoryal:** Magkaisa laban sa Anti-Terror Bill!
Ibagsak ang rehimeng US-Duterte 1
Opensiba ng BHB-Bukidnon 3
Suspensyon ng terminasyon ng VFA 3
Protesta laban sa Anti-Terror Bill 4
Pagbili ng kagamitang medikal 4
10 hakbang kontra pinsala 5
Mga drayber ikinulong 6
OFW, tinratong parang basura 6
Kababaihan, api sa ilalim ng lockdown 7
Kaltas buwis ang "donasyon" 8
Sosyalismo at pangangalaga sa kalusugan 9
Utang ng bansa, umabot na sa P8.7T 9
Panawagan ni Pope Francis 9
"Hindi ako makahinga" 10
2 lider masa, pinaslang sa Eastern Visayas 11
Mga kasinungalingan ng AFP 11
P25M, winaldas sa operasyong militar 11
100 Lumad, inaresto 12
Komboy ng ICRC, ginipit 12
Mga opensiba ng CPI-Maoist 12
Palayain si Huzaifa Halabiya Bader! 12
Madugong rekord ng Elbit System 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Magkaisa...," mula sa pahina 2

gang militaristang *lockdown* hanggang sa pagpapatigil ng operasyon ng ABS-CBN, ang pag-aresto ng mga kritiko at mga drayber ng dyip, pambobomba sa mga komunidad sa kanayunan, pag-aresto sa mga tsekpoynt at malupit na pagparusa sa ilampung libo, sa pagpatay sa lider-maralitang si Carlito Badion, ang maanomalyang pagbili ng mga gamit pangkaligtasan at kagamitang sobra ang patong sa presyo at pagdambong sa bilyun-bilyong pondo sa panahon ng *emergency*—ay lalupang lalala oras na pirmahan ni Duterte ang Anti-Terror Bill.

Hinihikayat ng Partido ang lahat ng demokratikong sektor—ang mga manggagawang pangkalusugan, mga drayber, kababaihan at mga bata, mga taong-midya, mga artista at manggagawang pangkultura, mga guro at kawani ng pamahalaan, mga kabataan at estudyante, mga personalidad sa telebisyon at sine, maliliit na propesyunal, taong-simbahan at lahat ng manggagawa, magsasaka, maralitang lungsod at walang hanapbuhay—na magkaisa at tipunin ang lahat ng kanilang hinaing at paninindigan.

Natutulak ang sambayanang Pilipino na kumilos. Dapat nilang igiit at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan bago ito tuluyang ipagkait ng pasistang rehimen. Dapat mag-organisa ang bayan. Dapat igiit nila ang kalayaan ng midya at ang karapatan sa pamamahayag. Dapat silang lumaban at puspusang magprotesta.


Dapat silang kumilos sa kanilang mga kampus at komunidad, sa mga pabrika at upisina, sa mga simbahan at parke, at ipagtanggol ang mga iyon bilang sona ng kalayaan, kung saan nila maaaring ipunin ang lakas ng bayan. Dapat mabilis nilang ihanda ang kanilang hanay, imulat ang buong bayan, pagtibayin ang kanilang determinasyon na makipagbuno sa anti-demokratikong mga pwersa ng rehimen hanggang maibasura ang Anti-Terror Bill o hanggang mapatalsik si Duterte. AB

# Tsekpoynt ng abusadong pulis, pinasabugan ng BHB-Bukidnon

Pinasabugan ng granada ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon ang mga elemento ng First Bukidnon Police Mobile Force Company na nagbabantay ng tsekpoynt sa Barangay Cabulohan, Cabanglasan noong Hunyo 1. Dalawang pulis ang nasugatan sa opensiba.

Kinabukasan, pinasabugan ng isa pang yunit ng BHB ang rumespondeng mga pulis sa insidente.

Katuwang ng mga sundalo ang mga pulis sa pagkukurdon at panggigipit sa mga magsasaka at Lumad sa mga barangay ng Cabanglasan. Sila ang nagbabantay sa mga tsekpoynt na humaharang sa bumibyaheng mga residente palabas at papasok ng mga barangay para bumili ng pagkain at magbenta ng mga produktong agrikultural. Kinukumpiska nila ang ilang bilihin na diumano'y suplay ito ng BHB. Nagdulot ang tsekpoynt na ito ng hirap at takot sa mga residente.



Sa Malaybalay City, inambus ng isang yunit ng BHB-Bukidnon ang nag-ooperasyong mga sundalo ng 8th IB sa Sityo Bendum, Barangay Busdi, Malaybalay City noong Mayo 19. Dalawang sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan.

Sa Palawan, pinaputukan din ng isang yunit ng Bienvenido Vallever Command ang detatsment ng 18th Special Forces Company sa Mantayog Falls sa Barangay Bunog, Rizal noong huling linggo ng Mayo.

Responsable ang yunit militar sa panggigipit at paghamlet sa halos 100 pamilya ng katutubong Palaw'an sa tabing ng pagtugon sa Covid-19. Mahigpit na kinokontrol ng militar ang kilos ng mga residente sa komunidad. Nangunguna rin ang mga sundalo sa mga anti-sosyal na aktibidad na umaabot maging sa kalapit na mga komunidad. AB

## "Suspensyon" ng terminasyon ng VFA, hindi nakagugulat


HINDI NA NAKAGUGULAT ang "suspensyon" ni Rodrigo Duterte sa terminasyon ng Visiting Forces Agreement na pinirmahan niya noong Pebrero 14.

Noon pa man, batid nang hindi ito itutuloy. Nais lamang ni Duterte na dagdagan ng US ang pondo at armas na ibinibigay nito sa kanyang rehimen. Iniatras ito ni Duterte matapos pinayagan siya ng US na bumili ng bagong mga helikopter, misayl at iba pang kagamitang militar na nagkakahalaga ng P75 bilyon.

Ang pag-atras ng pagbabasura sa VFA ay karugtong sa kagyat na mga plano ng US na lalupang palakasin ang presensya nito sa South China Sea at gamitin ang Pilipinas bilang base ng operasyon. Ito ay sa harap ng paigting na militarismo ng China at paghahanda ng US para sa gera.

Habang nakapokus ang maraming bansa sa pag-apula sa pandemyang Covid-19, abala naman ang US sa pagpapaigting sa presensya nito sa South China Sea sa nakaraang tatlong buwan. Noong Abril, dalawang beses itong nagpalayag ng malalaking *warship* sa karagatan. Regular din itong nagpapalipad ng mga *jet fighter*. Noong Mayo, nagsagawa ito ng pagsasanay militar, kasama ang mga tropa ng Australia, sa lugar. AB

# Protesta laban sa Anti-Terror Bill ni Duterte



Nagbalik-lansangan ang daan-daang aktibista matapos ang halos tatlong buwang *lockdown* para tutulan ang panukalang "kontra-terorismo" ng rehimeng Duterte. Nagtipon ang isang libong raliyista sa loob ng University of the Philippines (UP)-Diliman sa Quezon City at iba pa sa Laguna noong Hunyo 4 habang iniraratsada ang panukala sa mababang kapulungan. Nagkaroon din ng mga pagkilos noong Hunyo 5 sa Iloilo, Cebu Bacolod at Butuan; at noong Hunyo 6 sa Naga at Legazpi. Kasabay din ang maraming *online* na porum at protesta. Sa Cebu, binuwag ng mga pulis ang mapayapang protesta ng may 40 aktibista at hinuli ang pito sa kanila.

Una nang ipinasa sa Senado ang Anti-Terror Bill noong Pebrero sa botong 19 sang-ayon at dalawang tutol. Ipapalit ito sa dating Human Security Act at naglalaman ng mas masasahol na probisyon kaugnay ng pang-aaresto nang walang mandamyento at pagbibilanggo sa sinumang itinuturing ng estado na "terorista" o sumusuporta sa "terorismo." Mariin itong tinutulan ng mamamayan dulot ng napakasaklaw na depinisyon nito ng "terorismo" at "terorista." Tutol din sila sa dagdag na kapangyarihang ibibigay ng panukala sa mga pulis at sundalo. Ang naturang panukala ay ipinalit sa mga unang inihain ng mga kongresista at ipinaratsada ni Duterte nang walang pinayagang amyenda. Pumasa ito sa Kongreso noong Hunyo 3 sa orihinal na botong 173 sang-ayon, 31 na tutol, at 29 na *abstain*. Dahil sa pagbaha ng pagtutol, binawi na ng ilang kongresista ang kanilang pangsang-ayon sa panukala. Nitong Hunyo 6, 13 kongresista ang kailangang bumaliktad para mapigilan ang pagpasa nito sa Malacañang.

Parami nang paraming mga sektor ang nanawagan para ibasura ang panukala. Nangunguna rito ang mga pambansa-demokratikong organisasyon at demokratikong partido sa mababang kapulungan. Nagpahayag din ng pagtutol ang mga organisasyon ng kabataan, abugado, mamamahayag, mga taong simbahan, mga unibersidad ng Ateneo at De La Salle, mga estudyanteng Moro, mga grupong sibiko, mga guro ng UP at Far Eastern University, at asosasyon ng mga pribadong paaralan. May pinag-isang pahayag naman ang walong organisasyon ng malalaking negosyo, kabilang ang Makati Business Club. Sa *internet*, lumaganap ang mga panawagang #JunkTerrorBillNow at "Activists are not Terrorists" (Ang mga aktibista ay hindi terorista) sa hanay ng mga artista sa telebisyon at pelikula, musikero, atleta at iba pang personalidad. Nagpaabot din ng kritisismo ang Human Rights Watch, kasabay ng United Nations Human Rights Office pagkatapos nitong ilabas ang ulat hinggil sa kalunus-lunos na kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas noong Hunyo 4.

Kasabay ng pagpapabasura sa panukala, ipinanawagan din ng mga aktibista ang malawakang pag-eeksamen (#MassTestingNow), at pagpapatalsik kay Rodrigo Duterte (#OustDuterteNow).

**Palayain ang Cebu 8**

Bumuhos ang batikos sa pagbuwag sa protesta sa Cebu at ang suporta sa inarestong pitong aktibista sa loob ng kampus ng UP Cebu at isang nanonood lamang. Idiniin ng mga aktibista at kanilang mga tagasuporta na bawal pumasok ang mga pulis at sundalo sa kampus, liban kung may pahintulot ito ng unibersidad, alinsunod sa dating mga kasunduan. AB

### Maanomalyang pagbili ng kagamitang medikal, nalantad

NALANTAD NOONG NAKARAANG buwan ang maanomalyang pagbili ng rehimeng Duterte ng napakamahal na mga kagamitang medikal. Pinakahuli rito ang 10 milyong *protective personal equipment* o PPE *set* na binili nito mula sa isang hindi tinukoy na kumpanyang Chinese sa halagang P1,800 kada *set* o P20 bilyon sa kabuuan. Karaniwang makakabili ng PPE sa halagang P400-P1,000 kada *set*.

Mula Marso, nagwaldas na ang rehimen ng P21.8 bilyon sa pagbili ng tinatayang 11 milyong PPE *set*. Tinatayang P10.8 bilyon hanggang P17 bilyon dito ang napunta sa bulsa ng mga tiwaling upisyal ng rehimen at mga kasosyo nilang kapitalista sa pagbili pa lamang ng PPE.

Napigilan noong nakaraang buwan ang planong pagbili ng rehimen ng mga *polymerase chain reaction* (PCR) *machine* na nagkakahalaga ng P4.3 milyon kada isa at mga *swab test kit* na nagkakahalaga ng P1,600 kada isa mula sa Omnibus Bio-Medical Systems Inc. na pinaiimbestigahan ngayon dahil sa pag-iimbak ng mga kagamitang medikal at sobrang pagpepresyo.

Kung direktang bibilhin ang mga produkto mula sa kumpanyang Sansure Biotech Inc. na nagmamanupaktura ng mga ito, mabibili ang mga makina sa halagang P1.75 milyon lamang, at ang mga *test kit* sa halagang P600 kada isa.

# Sampung hakbang kontra pinsala at pandemyang hatid ni Duterte sa mamamayan

Palpak ang tugon ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19. Lugmok sa gutom at kawalang trabaho ang mamamayan habang patuloy na nananalasa ang bayrus matapos ang halos tatlong buwang *lockdown*.

Winaldas nito ang mga sakripisyo ng mamamayan sa isa sa pinakamatagal na *lockdown* sa buong mundo. Hindi nito pinalakas ang sistema sa kalusugan. Walang isinagawang *mass testing* at *contact tracing*. Nanatili itong bulag sa lawak ng impeksyon. Ginamit lamang nito ang *lockdown* para ibulsa ang bilyun-bilyong pondo, gipitin ang mamamayan at iratsada ang neoliberal na mga patakaran at pasistang hakbang na hindi nito maipasa bago ang *lockdown*.

Dapat nang singilin ang rehimen sa kainutilan, korapsyon, militarismo at maling pagpaprayoridad nito sa gitna ng pandemya. Dapat magkaisa ang mamamayan para igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan at interes.

1) Igiit ang libreng *mass testing* sa gubyerno sa halip na malawakang mga kwarantina. Malawakang magpakilos ng mga manggagawang pangkalusugan at boluntir para sa *contact tracing*.

2) Igiit ang kagyat na pondo para palakasin at itayo ang mga pampublikong ospital at mga pasilidad medikal, bigyan ng sapat na gamit-proteksyon ang mga manggagawang pangkalusugan at itaas ang kanilang sahod. Igiit ang libreng pagpapaospital sa mga pasyenteng may Covid-19 para maengganyo ang mga nahawa na magpatingin.




Igiit ang pagpopondo sa mga negosyong malawakang magpoprodyus ng mga *testing equipment* at mga gamit pangkaligtasan.

Dagdagan ang pondo ng mga siyentistang Pilipino para sa pagpapaunlad ng bakuna.

3) Igiit ang mabilis at kumpletong pagbibigay ng ayudang pagkain at pinansyal at pabalikin sa trabaho at hanapbuhay ang mamamayan para pigilan ang malawakang gutom. Igiit ang pansamantalang pagtigil ng pagbayad sa singil sa kuryente, tubig, upa at ibawal ang pagputol at pagpapalayas.

4) Igiit ang pagbibigay ng tumpak at nasa-panahon na datos at kritikal na impormasyon tungkol sa pandemya. Ilunsad ang malawakang kampanyang edukasyon sa mga komunidad para itaas ang syentipikong kaalaman ng mamamayan. Labanan ang panggigipit ng estado sa malayang pamamahayag na bumabara sa daloy ng impormasyon.

5) Igiit ang pagharap sa pinsalang idinulot ng *lockdown* sa bulnerableng mga sektor tulad ng matatanda, may mga kapansanan (kabilang ang kapansanan sa isip), manggagawang pangkalusugan, buntis at kababaihan sa pangkalahatan, gayundin ang mga bakwit na napalayas dulot ng militarisasyon at mga sakuna.

Igiit ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at mga inaresto dahil sa umano'y paglabag sa *lockdown*.

6) Tanggalin ang anti-mamamayang mga restriksyon sa pagbyahe at trabaho. Tanggalin ang pahirap na mga tsekpoynt. Igiit ang kalayaan sa pagtitipon sa ligtas na paraan sa mga komunidad at pampublikong espasyo.

Igiit na gawing angkop, naka-target at mabilisan ang pagpapataw ng mga kwarantinang pangkalusugan sa pinakamaliit na kayang saklaw. Isagawa ito sa demokratiko at katanggap-tanggap na paraan, at hikayatin ang aktibong partisipasyon ng mamamayan.

Tanggalin ang mga restriksyon sa kilos ng mga magsasaka. Igiit ang pag-atras ng mga yunit ng militar sa mga komunidad sa kanayunan na nagdadala hindi lamang ng takot, kundi pati ng bayrus.

7) Igiit na magkaroon ng ligtas na trabahuan ng mga manggagawa at empleyado at igiit na bigyan sila ng mga kumpanya ng gamit-pangkaligtasan at kalinisan, ipailalim sila sa regular na *testing* at bigyan ng karagdagang *hazard pay.*

Bigyan ng subsidyo ang mga dyip, traysikel, bus at iba pa para maisagawa ang pagbabago sa kanilang mga sasakyan at bigyan sila ng kumpensasyon.

8) Igiit na pondohan ang mga eskwelahan para ligtas na itong mabuksan. Dagdagan ang mga klasrum at eskwelahan at mga titser. Magkaroon ng mas maluluwag na espasyo para sa isports at paglalaro.

9) Pasikarin ang ekonomya sa pamamagitan ng pagbibigay ng subsidyo at tulong sa mga manggagawa, manggagawang bukid at mga pamilyang mababa ang kita para pasiglahin ang demand at lokal na produksyon.

Itaas ang sahod at itakda ang pambansang minimum. Ibasura ang Labor Advisory 17 na ipinatupad ng rehimen noong Mayo 16 at na nagpapahintulot sa mga kumpanya na bawasan ang sahod ng mga manggagawa sa ngalan ng pandemya. Bigyan ng suporta ang umuuwing

*"Sampung...," sundan sa pahina 6*

"Sampung...," mula sa pahina 5

mga OFW.

Igiit ang pansamantalang pagtigil sa paniningil ng upa sa lupa, at pagkansela sa utang ng mga magsasaka. Bigyan ng subsidyo ang maliliit na magsasaka para sa produksyon ng pagkain. Libreng ipamahagi ang lupa sa mga nagbubungkal.

10) Suportahan ang maliliit na negosyo at mga propesyunal para makabalik sila sa trabaho sa ligtas na paraan at patuloy na kumita.


Pansamantalang itigil ang pagbabayad-utang ng gubyerno. Itigil ang pagwawaldas sa modernisasyon ng AFP at pagbili ng mga armas para sa kontra-insurhensya. Itigil ang paniningil ng buwis sa ilalim ng TRAIN, ibasura ang 10% buwis sa mga produktong petrolyo at ibaba ang presyo ng mga bilihin. Itigil ang pagbibigay ng dagdag na insentiba sa malalaking negosyo habang pinipiga ang mamamayan. Patawan ng buwis ang pag-aari ng mga bilyunaryong kapitalistang Pilipino. AB

# Mga drayber na nanawagan ng balik-pasada, ikinulong

Anim na drayber ng dyip ang ikinulong ng mga pulis sa Caloocan City matapos magprotesta noong Hunyo 2 para muling makapasada. Bahagi ang protesta ng pambansang kampanya para sa pagbabalik-pasada ng mga dyip sa pamumuno ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston).

Kabilang sa mga ikinulong si Elmer Cordero, 72, at ang Deputy Secretary General ng Piston na si Ruben Baylon. Inaresto sila sa kabila ng mahigpit na pag-oobserba ng tamang distansya sa isa't isa habang nagpuprotesta.

Sa ulat ng rehimen, nasa 36,243 pa lamang na drayber ang nabibigyan nito ng ayuda. Wala pa ito sa kalahati ng tinatayang 240,000 drayber at opereytor ng dyip sa buong bansa.



Sa Hunyo 22 pa pahihintulutang makabyahe ang mga dyip sa Metro Manila. Ito ay sa kabila ng walang masakyan ang mga manggagawang inobliga nang bumalik sa trabaho noon pang Hunyo 1. Grabeng perwisyo ang idinulot ng pagbabawal na ito sa mga komyuter.

Para makapamasada, kinakailangang kumuha ng espesyal na permiso ang mga drayber. Prayoridad pa ng gubyerno ang pagpapahintulot sa mga "modernong" dyip kumpara sa mga tradisyunal o lumang dyip. Dagdag pahirap din sa mga tsuper ang pagbabago ng ruta ng byahe na iniangkop sa tinatawag na "new normal." Ayon sa grupong Piston, malaki ang malulugi sa mga drayber sa mga pakanang ito.

Umani ng malawakang suporta mula sa iba't ibang personahe at organisasyon ang panawagang kagyat na palayain ang mga drayber. AB

# Mga OFW, tinratong parang basura


Mariing kinundena ng Migrante Philippines ang pagpapabaya ng rehimeng Duterte sa umuuwing mga *overseas* Filipino *worker* (OFW) na nabimbin sa Metro Manila dahil sa pandemyang Covid-19. Nasa 24,000 sa kanila ang uminda ng mahabang pagkakakulong sa mga pasilidad pangkwarantina dahil sa mabagal na *testing* at pagproseso ng kanilang mga resulta. Isang migrante na ang nagpakamatay. Isang grupo naman ang matagal na pinaghintay sa paliparan malapit kung saan nakatambak ang basura, dahilan kung bakit sinabi ng Migrante na tinatrato sila ng rehimen na parang basura.

Mula Abril, umabot na sa 36,000 migranteng Pilipino ang bumalik ng bansa. Nasa 24,000 sa kanila ang dalawang buwang nakakulong sa mga siksikang kwarantina kung saan hindi maiwasan ang pagkakahawaan. Walang ipinamahaging ayudang pinansyal at pagkain ang Overseas Workers Welfare Administration sa kanila. Walang ibinigay na mga gamit pangkaligtasan at sanitasyon. Sa desperasyong makauwi, ilan sa kanila ay nagbayad ng P4,500 para maeksamen ng Philippine Red Cross. Gayunpaman, marami sa mga idineklarang negatibo sa sakit ay lumabas na positibo nang i-eksamen sila pagdating sa kani-kanilang mga prubinsya.

Lalala pa ang ganitong kalagayan sa pagdating ng 42,000 OFW sa susunod na mga buwan. Tinatayang 400,000 nang OFW ang nawalan ng trabaho dulot ng resesyong dala ng pandemya. Inamin ng hepe ng National Task Force-Covid 19 na si Gen. Carlito Galvez Jr. na hindi sila handa para sa ganito kalaking bilang ng mga OFW.

Sa iba't ibang bahagi ng mundo, mahigit 5,300 nang migranteng manggagawang Pilipino ang nagpositibo sa Covid-19. Nasa 357 na sa kanila ang namamatay. Mas marami pa ang nakulong sa kani-kanilang mga pinagtatrabahuan dulot ng mga *lockdown*. Wala silang ayuda at pagkain at nagmamakaawa na para tulungan silang makauwi. Pananagutan ito ng mga heneral ni Duterte na nangunguna sa palpak na pagharap ng rehimen sa Covid-19. AB

# Kababaihang Pilipino, pagod at api sa ilalim ng *lockdown*




Walang kapantay na pinsala ang inabot ng mamamayang Pilipino sa halos tatlong buwang *lockdown* at matinding kainutilan ni Duterte sa pagharap sa pandemyang Covid-19. Ang kababaihan, laluna ang manggagawang kababaihan, ang pinakapumasan sa hirap na idinulot nito.

Nasa unahan sila ng laban sa Covid-19. Nasa 80% ng mga nars, at malaking bilang ng mga duktor at teknisyan ay babae. Marami sa kanila ang nahawa na at nasa mga kwarantina dulot ng kawalan ng angkop na gamit-pangkaligtasan. Ilampu na ang namatay dahil sa impeksyon. Tinitiis nila ang 12-oras na pagtatrabaho dahil sa kakulangan ng tauhan. Marami ang hindi umuwi sa kanilang mga bahay sa takot na mahawa nila ang kanilang mga anak at pamilya, lalupa't hindi sila regular na ineeksamen. Sa nakaraang mga buwan, hinaharang sila sa mga tsekpoynt ng pulis at sundalo at pinahirapan sa kawalan ng pampublikong transportasyon. Pinakamasaklap, mas mababa nang 22% ang natatanggap nilang sweldo kumpara sa mga lalaking nars.

Nawalan ng trabaho at kita ang mayorya ng mga manggagawang kababaihan dahil sa *lockdown*. Ang mga trabahong marami ang babae ay naipit nang magsara ang mga eskwelahan, *mall*, upisina, *hotel* at restoran. Ang mga sektor na dali-daling binuksan ni Duterte, tulad ng konstruksyon at mina, ay pawang may trabahong mas maraming lalaki.

Mahigit kalahati ng bilang ng mga impormal na manggagawa ay babae. Nagtatrabaho sila sa mga negosyong pinakaapektado sa *lockdown* tulad ng mga sari-sari *store*, parlor, tyangge at karinderya. Noong nakaraang taon, mas maraming babae kaysa lalaki ang nagbukas ng maliliit na negosyo. Malamang lahat ito ay nalugi na ngayon.

Sa mahihirap na komunidad, mga babae ang napipilitang pumila nang matagal para makubra ang kinuripot na ayuda. Noong 2015, apat na milyong babae, kumpara sa 400,000 lalaki, ang nakalista sa programang 4Ps ng DSWD. Sila ang pangunahing snamomroblema kung paano pagkakasyahin ang maliit na ayuda, at kung saan hahagilap ng dagdag na pagkain para sa kanilang mga pamilya.

Sa kanayunan, apektado ang kababaihan sa tuluy-tuloy at papatinding pagsadsad ng produksyon. Mas maraming babae kumpara sa lalaki ang walang lupa. Sa nagdaang mga taon, anim sa bawat sampung babae ang nagtrabaho bilang di bayad na mga manggagawa sa mga agribisnes at sakahan. Pinasidhi ng *lockdown* ang kanilang sitwasyon lalupa't wala na silang kita at impok, wala pa silang mabilis na mapagkakakitaan.

Pinatindi ng mga restriksyon sa pagbyahe at kawalan ng trabaho ang kawalang-katiyakan ng kababaihang *overseas* Filipino *worker* (OFW). Marami sa kanila na nagtatrabaho bilang kasambahay, tindera at sa iba pang sektor ng serbisyo ay sinisante na ng kanilang mga amo. Umuwi sila sa bansa para lamang mabimbin nang matagal sa mga pasilidad pangkwarantina. Kabilang sa kanila ang mga buntis.

Hindi na napagtuunan ng pansin ang pagkalinga sa mga buntis matapos itransporma ang mga ospital at klinik tungong mga pasilidad pangkagipitan. Napabayaan na rin ang pag-aruga sa mga nagpapasusong ina sa harap ng pagkabatak ng mahinang sistemang pangkalusugan. Maraming bagong ina ang hindi na nakapagpabakuna sa kanilang mga sanggol dahil sa kakulangan ng pondo at rekurso. Pinalala ng *lockdown* ang dati nang matamlay na pagbabakuna ng mga sanggol laban sa tigdas, *diphteria* at *polio*.

Dumoble ang trabaho ng babae sa pagluluto, paglilinis, paghuhugas ng pinggan, paglalaba at pamamalengke. Sa pagitan ng dalawang nagtatrabahong magulang, mas madalas na ang mga nanay ang nagbabawas ng kanilang mga trabahong propesyunal para alagaan ang mga bata o nakatatanda. Kapag ipinatupad na ang pagtuturo sa bahay, ang mga babae ang sasalo sa dagdag na responsibilidad na ito kahit pa may iba silang trabaho.

Sa loob ng mga bahay, walang panangga ang bulnerableng kababaihan laban sa abuso at karahasang sekswal. Nagbabala na ang United Nations na madadagdagan ng 31 milyong kaso ng pang-aabuso sa loob ng mga bahay kung tumagal ng anim na buwan ang *lockdown*.

Sa ilalim ng anti-kababaihang paghahari ni Duterte, tumataas na ang tantos ng karahasan laban sa kababaihan bago pa man ang *lockdown*. Sa tala ng pulis, tumaas nang 31% mula 2018 hanggang 2019 ang mga kaso ng panggagahasa, at nang 15% ang mga kaso ng pambubugbog. Kasabay nito, nagtala naman ang DSWD ng 55% pagtaas ng bilang ng mga babaeng dumaranas ng sekswal na pagsasamantala. Lumalabas na ang mga ulat tungkol sa mga pulis na humihingi ng sekswal na mga pabor kapalit ng *passes* at mga menor de edad na sangkot sa prostitusyon. AB

# Kaltas-buwis ang "donasyon" ng mga bilyunaryo sa panahong Covid-19




Araw-araw, laman ng balita ang ibinibigay na mga "donasyon" ng malalaking negosyong pag-aari ng mga bilyunaryong kapitalistang komprador.

"Narito ang mga kumpanya namin para suportahan ang lahat ng pagsisikap, at patuloy kaming naghahanap ng paraan na makatulong at makasuporta," deklarasyon ni Kevin Andrew Tan, pinuno ng Alliance Global Group Inc., kumpanyang kumokontrol sa Megaworld, Emperador Inc., Resorts World Manila at McDonalds. Ipinagmalaki niya na nakapagbigay na siya ng P603 milyong "donasyon."

Ganito din ang pagmamalaki ng iba pang malalaking kumpanya tulad ng SM, San Miguel, Bloomberry, Udenna, Aboitiz, Ayala Group, Globe Telecom, Jollibee, Metro Pacific, Coca-Cola, mga kumpanyang POGO, Filinvest, Okada Manila, TikTok, LBC, Pepsi at PHINMA.

Sa panahon ng pandemya at krisis, masasabing magandang bagay nga na nag-aambag ang lahat, lalu-na ang mga bilyunaryo, para makatulong sa pagsisikap ng bansa na pangibabawan ang banta ng pagkalat ng Covid-19. Subalit ang tanong ay: Busilak na tulong ba talaga ang ngayo'y aabot na sa P20 bilyon mula sa malalaking kumpanya?

Ang simpleng sagot: Hindi.

Batay sa Revenue Regulation No. 9-2020 na inilabas ng Bureau of Internal Revenue (BIR), ang mga donasyong salapi, kagamitan at suplay pangkalusugan, *relief goods*, at ang pagpapagamit ng mga ari-arian "ay maaaring buong-buong makakaltas sa buwis sa kabuuang kita ng mga nag-ambag na korporasyon o indibidwal."

Ang mga donasyon ay maaaring ibinigay sa pambansang gubyerno o anumang ahensya nito, kabilang ang mga lokal na gubyerno o mga korporasyon ng gubyerno, o kahit sa mga rehistradong NGO, makataong organisasyon, institusyon o pundasyon. Ibig sabihin, kahit ang mga donasyon nila sa sariling mga pundasyon ay makakaltas sa kanilang buwis.

Kaya ang mga "pakain" ng Jollibee at ng McDonalds, ang mga PPE at *relief goods* na "bigay" ng malalaking kumpanya, sa aktwal, ay babayaran ng gubyerno sa anyo ng kaltas sa buwis.

Noong Abril 22, inanunsyo ng Department of Transportation na babayaran nito nang P35 milyon si Dennis Uy para sa dalawang buwang pagpapagamit ng dalawang barko ng 2Go bilang pasilidad para sa pagkwarantina sa uuwing mga OFW. Sumunod na araw, nagmalaki si Uy na hindi na siya magpapabayad at siya na lamang ang gagastos. Ang totoo, mas malaki ang makukuha ni Uy kung kakaltasin na lamang na buwis ang sinabi niyang P260 milyong gagastusin niya.

Bukod sa makakaltas na buwis sa kanilang mga donasyon, nagawa rin ng mga kumpanyang ito na patuloy na pagkakitaan ang mga ari-arian nilang natengga sa panahon ng pandemya. Kabilang dito ang mga lote o gusali na ipinagamit sa ipinagmamalaking mga "mega-swabbing" *center* sa Mall of Asia Arena na pag-aari ng pamilyang Sy, sa Enderun Tent sa Taguig na pag-aari ng Udenna Corporation ni Dennis Uy, at sa Philippine Arena sa Bulacan na pag-aari ng Iglesia Ni Cristo. Sangkot naman sa pagpapatayo ng "mega-swabbing" *center* sa Palacio de Maynila ang mga Yap, Ayala, Razon at Villar.

Sa mga pahayag ng gubyerno, lubos-lubos ang pasasalamat sa mga kumpanyang ito. Ang totoo, ang "tulong" na ito ay babayaran ng gubyerno sa halagang P511 milyon at papasanin ng mamamayan.

Sa pamamagitan ng mga "donasyon" na ito, nagawa ring maibenta ng malalaking kumpanyang ito ang kanilang mga produkto sa panahon na tigil ang ekonomya at negosyo. Bukod dito, nakakuha rin ang mga kumpanyang ito ng libreng patalastas sa radyo at telebisyon ng gubyerno kung saan araw-araw silang pinasasalamatan.

Para sa mga kapitalista, wala talagang libre o ibinibigay na walang kapalit. Ang mga "donasyon" na idinadaan sa iba't ibang ahensya ng gubyerno ay puhunang "utang na loob" na maaari nilang singilin sa mga pagkakataong kakailanganin nito ng pabor sa hinaharap. Halimbawa, ipaaalala ng Filinvest Corporate City Foundation ang donasyon nitong mga *test kit* sa lokal na gubyerno ng Muntinlupa sakaling lumitaw ang mga usapin sa mga pagmamay-ari nitong lupa sa naturang lunsod.

Malaki ang papel ng malalaking kapitalista sa mga programa sa Covid-19 ng rehimeng Duterte. Maging ang pamamahala sa pangangalap at pagpoproseso ng datos ng Department of Health (DOH) ay ikinontrata sa Thinking Machines Inc., isang kumpanyang inirekomenda ng ng Filinvest Corporation.

Ang nakabimbin namang programa para sa *contact tracing* na staysafe.ph ay ginawa ng Multisys, kasosyo ang iba pang mga pribadong kumpanya. Ang programang ito ay para sa malawakang pagmamanman sa kilos ng mga indibidwal sa ngalan ng pagpapabilis ng *contact tracing.* AB

## Sosyalismo at pangangalaga sa kalusugan

Ang konsepto ng responsibilidad ng gubyerno sa pangangalaga sa kalusugan ng mamamayan ay unang itinaguyod ng Russia (kalaunan ang pederasyong Soviet Union) sa ilalim ng sosyalistang estado at pamumuno ng lider komunistang si Vladimir Lenin. Noong 1920, idineklara niya: "Sinimulan natin ang isang dakilang gera, isang gerang di natin kaagad tatapusin. Ito'y isang walang dugong gerang isinusulong ng mga hukbo ng manggagawa laban sa gutom, ginaw at tipus, isang gera para sa isang mulat, matalino, may sapat na pagkain at malusog na Russia."

Bago naitatag ang sosyalismo sa Russia, walang bansa ang may sistema para sa panlipunang pangangalaga sa kalusugan. Laganap noon ang sakit at mga epidemya ng nakahahawang sakit dahil sa karaniwa'y kalunus-lunos, marumi at siksikang tirahan ng mga manggagawa at masang anakpawis. Ang mga duktor ay kani-kanya, o kaya'y pinopondohan ng mga pangkawanggawa o relihiyosong institusyon. Marami sa mga tao ang di nakatatanggap ng atensyong medikal.

Binago ito ng sosyalismo kung saan ang kalusugan ng bayan ay itinuring na responsibilidad ng estado. Sa gitna ng pandemyang Spanish *flu*, sinimulan ng Soviet Union noong 1919 ang sentralisadong serbisyong pangkalusugan para sa lahat. Itinayo ang People's Comissariat for Public Health para mangalaga sa kalusugan ng mamamayan.

Noon 1924, idineklara ng gubyernong Sobyet ang pananaw na ang mga duktor "ay dapat may kakayahang aralin ang kalagayang pamproduksyon at panlipunan kung bakit lumilitaw ang sakit hindi lamang para gamutin ang sakit, kundi para tukuyin ang mga paraan na iwasan ito."

Sumunod sa yapak ng Soviet Union ang mga kapitalistang bansa sa Europe at ibang bahagi ng mundo. Naging saligang tatak ito ng sosyalistang sistema noon sa China at sa malaking bahagi ng mundo. Ang halimbawa ng Soviet Union ay naging inspirasyon ng mga manggagawa at masang anakpawis sa buong mundo para bagtasin ang landas ng sosyalistang rebolusyon.

Sa US at maging sa dating mga sosyalistang bansa, ilang dekada nang binabakbak ng neoliberalismo ang sistema ng pampublikong pangkalusugan. Dahil dito, ang higit na nakararaming mamamayan ay di nakatatanggap ng sapat na serbisyong pangkalusugan. Sa Cuba na lamang, at ilang bansang patuloy na nagtataguyod sa sosyalismo, makikita ang mayabong na sistema ng pangangalaga ng estado sa pampublikong kalusugan.

Ipinakikita ng pandemyang Covid-19 hindi lamang ang pangangailangan para palakasin ang sistema ng pampublikong kalusugan, kundi ang itatag ang isang tunay na demokratikong estado na tunay na magpaprayoridad at mangangalaga sa interes at kagalingan ng sambayanan. AB

### Utang ng bansa, umabot na sa P8.7 trilyon

SINASAMANTALA NG ADIK sa utang na rehimeng Duterte ang pandemyang Covid-19 para makakuha ng malalaking pautang sa tabing ng muling pagpapasikad sa ekonomya at pagbibigay ng pangkagipitang ayuda. Sa loob lamang ng tatlong buwan, umutang ang rehimen ng $5.5 bilyon (P275 bilyon) mula sa mga bangko at imperyalistang institusyong pampinansya. Dahil dito, umabot na sa P8.7 bilyon ang pambansang utang na babayaran ng mamamayan. Nangangahulugan ito ng P79,945 na utang ng kada Pilipino, mas mataas ng 27% kumpara noong unang maupo si Duterte sa poder.

Pinakahuli sa mga utang ang $750 milyon (P37.5 bilyon) ng rehimen mula sa Asian Infrastructure Investment Bank at Asian Development Bank (ADB). Nauna na rito ang $1.7 bilyon (P85 bilyon) mula sa ADB at $700 million (P35 billion mula sa World Bank. Nakatakda ring magbenta ang rehimen ng mga bono o papeles sa pangungutang nang hanggang $2.35 bilyon (P117.5 bilyon).

### Pope Francis: Pondo sa pagbili ng armas, ilaan sa pananaliksik

NANAWAGAN NOONG MAYO 31 si Pope Francis na "maantig nawa ang konsensya ng mga lider nang sa gayo'y ang napakalaking halagang para sa pagbili ng mga armas ay ilaan sa pagsusulong ng pananaliksik nang sa gayo'y maiwasan ang mga sakuna sa hinaharap."

Aniya, kinakailangan ng mga lider na "tumanaw nang malayo, tulungan ang mga naghihikahos ngayon at magpatupad ng pangmatagalang mga solusyong sosyoekonmiko."

Sinuportahan ng PKP ang panawagan ni Pope Francis. Anang Partido, isa itong kagyat na panawagan laluna sa harap ng papatinding militarismo at pasismo ng mga gubyerno sa iba't ibang panig ng mundo habang nananalasa ang pandemya.

Kabilang dito ang rehimen ni Rodrigo Duterte na nagtulak sa pagbili ng bagong mga helikopter, bomba, kanyon at iba pang gamit pandigma laban sa nakikibakang mamamayan. Sang-ayon sa panawagan ng Santo Papa, dapat ipanawagan ng mamamayang Pilipino na ibaling ang pondong pandigma ni Duterte sa pananaliksik at pagpapatupad ng mga hakbang sa kalusugan at ekonomya para maibsan ang hirap na dinaranas nila.

"Hindi ako makahinga..."

# Ang galit sa likod ng mga protesta sa US


Araw-araw ang mga protesta ng mamamayang US sa lahat ng estado ng bansa mula nang mapatay ng pulis ang itim na Amerikanong si George Floyd noong Mayo 25. Sa gitna ng pandemya, bumuhos sa lansangan ang libu-libong mamamayan para kumprontahin ang pulis at iparating ang nag-uumapaw nilang galit. Nakiisa sa kanila ang mamamayan sa 20 bansa. Nagkaisa sila sa panawagang Black Lives Matter (may kabuluhan ang buhay ng mga itim) bilang sagot sa rasismo na dinaranas ng mga itim dahil sa kulay ng kanilang balat at katayuan sa lipunang Amerikano. Kabilang sa mga nakiisa ang International League of Peoples' Struggle. Lumahok naman sa mga protesta ang Anakbayan-USA.

Si Floyd, 46, ay manggagawang nawalan ng trabaho dahil sa *lockdown* ng gubyerno ng Minnesota kaugnay ng Covid-19. Inaresto siya ng apat na pulis sa suspetsang pekeng pera ang ipinambayad niya sa tindahan. Namatay siya dulot ng pagluhod ng isang pulis sa kanyang leeg nang halos siyam na minuto. "Hindi ako makahinga" ang huli niyang mga salita. Ito rin ang nadarama ng maraming itim sa US sa tindi ng rasismo at mga rasistang pagpatay sa bansa. Ayon sa awtopsiya, positibo si Floyd sa Covid-19.

**Nag-uumapaw na galit**

Tumindi ang rasismo partikular laban sa mga itim na Amerikano sa ilalim ng pasistang gubyerno ni US President Donald Trump at panunulsol niya ng pagkamuhi sa mga itim, kababaihan at mga minorya. Sa unang taon pa lamang ng kanyang panunungkulan, tumaas nang 13% ang mga *hate crime* (mararahas na krimen na itinutulak ng pagkamuhi sa lahi, relihiyon, kasarian, o iba pa). Makabuluhan pang lumaki ang tantos na ito nang sumunod na mga taon, kung saan halos kalahati sa mga biktima ay mga itim.

Mula naman Enero 2015 hanggang Mayo 2020, hindi bababa sa 1,260 itim na Amerikano ang binaril at napatay ng mga pulis. Hindi pa kabilang sa datos na ito ang mga napatay habang nasa kustodiya na nila o pinatay ng pulis sa iba pang kaparaanan, tulad ng naging kaso ni Floyd.



Sa kasaysayan ng US, pana-panahong nagkakaroon ng pagbulwak ng kolektibong galit ng mamamayan dulot ng rasistang pagpatay sa mga itim. Ang mga protesta sa inhustisya sa lahi nitong huli, at partikular sa brutal na pagpatay ng pulis sa mga itim, ay pinasiklab ng magkakasunod na kaso na bumiktima kay Floyd at 83 iba pa sa loob lamang ng taong ito.

**Mas malalim na galit**

Higit pa rito, ang sumisiklab na mga protesta ay mahigpit na kakabit ng pang-ekonomyang inhustisya na pangunahing nagpapahirap sa mga itim. Lalo itong tumingkad sa panahon ng pandemyang Covid-19, kung saan mahigit 1.8 milyon na ang nagkakasakit sa US, at mahigit 100,000 na ang namamatay.

Sa bilang ng mga nasawi sa Covid-19 sa bansa, aabot sa sangkatlo ay itim, kahit pa 13% lamang sila ng populasyon. Ang ganitong bulnerabilidad ay hindi dulot ng kanilang lahi, kundi epekto ng kabiguan ng gubyernong US na tumugon sa krisis pangkalusugan, at nakatrensera nang mga patakaran sa bansa. Bago pa man kumalat ang sakit ay pinagdurusahan na ng mga itim ang mababang pasahod, kawalan ng serbisyong pangkalusugan, disempleyo, pabahay at iba pang batayang pangangailangan.

Binubuo rin ng mga itim ang malaking bahagi ng mahigit 21 milyong manggagawang Amerikano na nawalan ng trabaho pagsapit ng Mayo. Umaabot na ngayon sa 16% ang tantos ng disempleyo sa US, na mas matindi kesa sa krisis sa pinansya noong 2008. Sa nagpapatuloy na pagtumal ng ekonomya sa US at inaasahang paglubha nito, pinakamabigat ang dagok na daranasin ng mga itim. Ilang ulit na mas nakagagalit sa kanila ang krisis sa kabuhayan kesa sa bayrus o rasismo.

Nagaganap din ang araw-araw na mga protesta sa harap ng pasismo ng gubyernong Trump. Ang mga pagkilos ay nilalahukan hindi lamang ng mga itim kundi ng manggagawa at panggitnang uri mula sa iba't ibang lahi. Inilantad ni Trump ang sarili bilang malupit na pasista na determinadong patahimikin at sugpuin ang lumalaking mga protesta. Lumilitaw ang pasistang kaibuturan ng gubyernong US habang nalalagas ang mga palamuti nitong burges-demokratiko.

Sa takot na lumawak pa ang mga protesta, inatake ang mga ito ng mga pwersa ng estado gamit ang *tear gas*, mga gomang punglo, wisik ng kemikal at iba pang mapanupil na paraan. Pinakilos na rin ang National Guard sa maraming lokal na pamahalaan sa US upang palakasin ang pulisya sa pagsupil sa mga ito. Nagpataw din ng mga *curfew* ngunit hindi nito napigil ang pagdagsa sa kalsada ng galit na mamamayan.

Umabot na sa mahigit 500 ang inaresto, kabilang ang 20 mamamahayag. Puu-puo pang mamamahayag ang tinamaan din ng *tear gas,* gomang punglo at *pepper spray.* AB

# 2 lider masa, brutal na pinaslang sa Eastern Visayas

Dalawang lider masa ang magkasunod at brutal na pinaslang ng mga ahente ng estado sa Eastern Visayas noong Mayo. Parehong pinagbantaan at binansagang mga kriminal at terorista ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang mga biktima.

Noong Mayo 28, natagpuan ang bangkay ni Carlito Badion (Ka Karlets), pambansang pangkalahatang kalihim ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay), sa Pagsanga-an, Riverside, Ormoc City, Leyte. Dinukot ng mga armadong lalaki si Badion noong Mayo 26 at pinaninitwalaang dinala sa Barangay Guintigui-an at doon tinortyur. Ayon sa mga nakakita sa katawan, posibleng namatay ang biktima sa hampas ng kahoy sa ulo. Si Badion ay may kapansanan sa paa dahil sa polio.

Kilala si Badion bilang lider sa pakikibaka ng mga maralitang lunsod, kabilang sa mga barikadang bayan laban sa demolisyon, okupasyon ng tiwangwang na mga pabahay at sa mga kampanya para sa pabahay. Nanguna rin siya sa pagbatikos sa Oplan Tokhang at kontra-maralitang "gera kontra-droga" ni Duterte.



Pinalabas ng mga pulis ang kaso bilang simpleng pagnanakaw at pagpaslang para pagtakpan ang pampulitikang motibo sa pagpatay sa kilalang lider masa

Noong Mayo 29, pinaslang ng mga elemento ng 43rd IB ang lider magsasaka na si Allan Aguilando (Mano Boy), tagapangulo ng Northern Samar Small Farmers Association, sa Barangay New Rizal, Catarman, Northern Samar. Binaril siya sa likod ng kanyang ulo. Tinaga rin ang kanyang mukha.

Pinamunuan ni Aguilando ang mga kampanya laban sa militarisasyon at magkakasunod na delubyong nanalasa sa prubinsya. Nanguna rin siya sa martsa ng mga Samareñong magsasaka tungong Maynila noong 2016 at 2018 para panagutin ang kapabayaan ng rehimen at manawagan ng ayuda. Para makakubra ng pabuya, pinalabas ng 43rd IB na lider umano ng hukbong bayan ang biktima at nabaril sa isang engkwentro.

**Pag-aresto**. Sa Las Navas, piniringan, ginapos at inaresto ng mga elemento ng 803rd IBde ang magsasakang sina Carlos Baluyot, Alvino Lucapa at isang menor-de-edad sa Barangay Logging noong Hunyo 1. Si Baluyot ay lider ng Alyansa san mga Parag-uma Kontra-kagutom san Las Navasnon na aktibong bumabatikos sa militarisasyon sa kanilang komunidad.

Sa Western Samar, dinakip ng mga sundalo ang mga magsasakang sina Cosme Cabangunay at kanyang mga anak na sina Jevie at Jason noong Mayo 27 sa Barangay Canvais, Motiong.

Samantala, dinukot ng mga elemento ng 85th IB ang magsasakang sina Marvin Lotero at Wilmar Marinas sa Barangay Mabini, Lopez, Quezon noong Hunyo 2. Hindi pa rin sila natatagpuan hanggang sa kasalukuyan.

Lahat ng dinakip ay inakusahang kasapi ng hukbong bayan. AB

## Panununog sa Opol at iba pang kasinungalingan

NILINAW NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Misamis Oriental na hindi sangkot ang Pulang hukbo sa ibinalitang panununog ng armadong tauhan sa apat na bahay at isang simbahan sa Barangay Limonda, Opol noong Mayo 28. Malaki ang posibilidad na ang panununog ay kagagawan ng 403rd IB na nagbalitang sumigaw pa diumano ng "Mabuhay ang NPA" ang mga salarin. Tanging ang mga sundalo ang nasa lugar sa panahong iyon.

Pinabulaanan naman ng BHB ng Northeastern Mindanao Region na nasawi sina Ka Maria Malaya at Ka Joaquin Jacinto, parehong tagapagsalita ng rebolusyonaryong kilusan, sa "serye ng labanan" noong Mayo 14-19. Pinalabas ng 401st IB na nasawi ng dalawang kasama, kasabay ng 18 pa, para pataasin ang makukuha nilang pabuya noong Mayo 28. Bago nito, inalok ni Duterte ng P2 milyon ang sinumang "makapagtuturo" ng mga "kumander" ng kilusan.

## AFP nagwaldas ng P25 milyon sa 1-araw na atake

NAGWALDAS NG P25 milyon ang Armed Forces of the Philippines (AFP) mula sa pondo ng bayan sa isinagawa nitong pag-atake noong Mayo 14 sa Sityo Hayon, Libas Sud, San Miguel, Surigao del Sur.

Sa isang araw na atake, walong bomba na tig-230 kilo ang ihinulog ng mga pandigmang eroplanong FA-50. Maliban dito ay inistraping ng kalibre .50 masinggan ang lugar, anim na beses na kinanyon at 24 ulit na binomba ng mga helikopter. Hindi bababa sa P22.4 milyon ang ginastos ng militar para rito. Aabot naman sa P2.5 milyon ang ginastos sa pagpapalipad ng mga helikopter at FA-50. Tinatayang P20 milyon pa ang ginastos para sa sahod, pagkain, *hazard pay* ng may 600 sundalo at pulis.

Ang atake noong Mayo 14 ay bahagi ng 20-araw na operasyong kombat ng militar at pulis sa limang bayan sa hangganan ng Surigao del Sur at Agusan del Sur. Binomba nito ang isang himpilan ng BHB.

Binigyang pugay ng BHB-NEMR ang limang Pulang mandirigma na namatay sa matinding pang-aatake ng AFP. Kasabay nito, kinilala rin ng BHB sa rehiyon ang iba pang mga martir na nag-alay ng buhay sa nakaraang dalawang buwan.

# 100 Lumad, inaresto sa Northern Mindanao

Mahigit 100 Lumad ang inaresto sa iba't ibang bahagi ng Northern Mindanao sa mga operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa nakaraang tatlong buwan.

Pinamatingkad dito ang pag-aresto ng 88th IB noong Mayo 18 sa mahigit 100 magsasaka at Lumad ng Sityo Balaas at Airburn sa Barangay Mabuhay; at Nabangkal sa Barangay Magkalungay, San Fernando, Bukidnon. Inakusahan silang kasapi ng hukbong bayan at idinetine sa himpilan ng 88th IB sa Maramag.

Nagbakwit naman ang 700 residente naman ng Sityo Sta. Rita at San Roque sa Barangay Sinanglanan, Malaybalay City dulot ng matinding operasyong militar sa kanilang komunidad noong Mayo 14. Dala ang kanilang mga alagang hayop, nagsangtwaryo sila sa kanugnog na Sityo Malapgap.

Umabot sa 645 tropa ng 8th, 88th, 60th at 56th IB ang naglulunsad ng nakapokus na operasyon militar sa Malaybalay City, San Fernando at Cabanglasan.

Sa Agusan del Norte, inaresto ng mga elemento ng 23rd IB noong Mayo 16 sa Sityo Cabalalahan, Guinabsan, Buenavista ang dalawang buntis na kinilalang sina "Apay" at "Wena." Idinedetine ngayon ang mga biktima sa himpilan ng 23rd IB sa parehong bayan. Hindi rin malinaw kung ano ang kasong isinampa laban sa kanila.

**Pagsunog sa kabahayan, paaralan**

Naiulat noong Marso 16 ang pagsunog ng mga elemento ng militar sa mga bahay at paaralang elementarya ng mga Lumad sa Barangay San Vicente, Esperanza, Agusan del Sur. Isinagawa ang panunuog matapos ang isang misengkwentro na nagresulta sa limang kaswalting sundalo. Isang araw bago nito, nagbakwit ang mga residente ng naturang komunidad dulot ng matinding operasyon at pandarahas sa kanila ng militar. Anim na Lumad ang inaresto ng militar para interogahin. AB

## Komboy ng ICRC, ginipit ng militar

PINAHINTO AT arbitraryong idinetine ng mga elemento ng 9th Special Forces Company at pulis ang komboy ng International Committee of the Red Cross sa Lianga, Surigao del Sur noong Marso 29. Naiulat na lulan nito ang dalawang sugatang Pulang mandirigma na sina Jea Angeles Perez at Noel Dadang. Ang ginawang pagharang at pagdetine sa anumang sasakyan na may sagisag na pulang krus ay labag sa internasyunal na makataong batas.

Matapos ang interogasyon, ginwardyahan na ng militar ang komboy sa pagbyahe nito tungo sa isang pagamutan sa Tagum City. Kasalukuyan nang nagpapagamot ang dalawa sa nasabing lugar subalit bantay-sarado ng militar.

## Mga opensiba ng CPI-Maoist

LABING-ANIM NA ARMAS, mga *ammo vest,* magasin, bala, at radyong pangkomunikasyon ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Communist Party of India (CPI)-Maoist sa matagumpay na ambus sa Minpa, Sukma District ng Chattisgarh noong Marso 21. Labimpitong *jawan* (pulis) ang namatay at 15 naman ang sugatan.

Dalawang pulis naman ang namatay at tatlo ang sugatan sa ambus ng mga pulang mandirigma sa Gadchiroli District, India noong Mayo 17.

Ang mga aksyong militar ng CPI-Maoist ay inilunsad bilang parusa sa mga pulis na nagpapalayas sa mga komunidad para sa pagpasok ng mapangwasak na mina.

## Palayain si Huzaifa Halabiya Bader!

NAGPAHAYAG NG pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa panawagan ng mamamayang Palestinian ng pagpapalaya kay Huzaifa Halabiya Bader na arbitraryong inaresto ng gubyernong Israel noong Mayo 25. Si Baser, na una nang inaresto noong June 2018 at nakalaya noong Disyembre 2019, ay muling idinetine nang walang kaso at paglilitis.

Kabilang si Bader sa aabot sa 5,000 Palestinian na bilanggong pulitikal na inaresto at idinedetine ngayon ng gubyerno ng Israel. Tinatayang 500 sa kanila ay nasa ilalim ng "administratibong detensyon," na pinabangong tawag ng Israel sa detensyon ng mga Palestinian na dinakip nang walang kaso at paglilitis.

## Ang madugong rekord ng Elbit Systems

PANGUNAHING NAKIKINABANG sa madugong pagkubkob at pagsakop ng Israel sa Palestine ang Elbit Systems, ang pinakamalaking kumpanyang Israeli na nagmamanupaktura ng kagamitang pandigma. Nagkakamal ito ng napakalaking tubo sa pamamagitan ng pagsusuplay ng armas sa mga pwersang militar ng Israel sa madugong pagsupil sa mamamayang Palestinian.

Kabilang sa minamanupaktura nito ang Hermes 450 *drone* na may kapasidad na magdala at magpabugso ng mga misayl na Hellfire. Kabilang ito sa mga pangunahing armas na ginamit ng Israel sa pagkubkob sa Gaza Strip noong 2014. Umabot sa 2,314 sibilyan ang namatay at 17,125 ang nasugatan sa nasabing pangungubkob. Kabilang sa napaslang ang 164 bata.

Umabot na sa 28 ang mga gubyernong gumagamit sa mga *drone* ng Elbit. Kabilang dito ang Pilipinas na bumili ng 12 *drone* (tatlong Hermes 450 at siyam na Hermes 900) noong 2017 sa ilalim ng AFP Modernization Program. Nagkakahalaga ang mga *drone* ng P8 bilyon sa kabuuan. Dalawang Hermes 450 na ang naipadala ng kumpanya sa Pilipinas noong nakaraang taon.